# Saint John School

of San Juan, San Ildefonso, Bulacan, Inc.

# IKA-APAT NA LAGUMANG PAGSUSULIT

School Year 2021-2022

**Pangalan:** ______________________________________________ **Score:** _____________

**Guro:** **Neslyn D.B Perez** **Grade 5 -** ___________

**I. Punan ang patlang ng uri ng pangungusap. Gamitin ang mga sumusunod na titik:**

**PS (pasalaysay), PT (patanong), PD (padamdam), PU (pautos), at PK (pakiusap).**

__________1. Yehey, bakasyon na naman!

__________2. May balak ba kayong puntahan ngayong bakasyon?

__________3. Hindi ko pa alam kung saan kami magbabakasyon.

__________4. Bisitahin ninyo ang lolo at lola ninyo sa probinsiya.

__________5. Oo nga, siguradong matutuwa sila!

__________6. Saan ba sila nakatira?

__________7. Nakatira sila sa Lungsod ng Cebu.

__________8. Ipakita mo sa akin sa mapa kung nasaan ang Cebu.

__________9. Pakiabot sa akin ang mapa ng Pilipinas.

__________10. Matatagpuan ba sa Luzon ang Cebu?

__________11. Ay, wala sa Luzon ang Cebu!

__________12. Matatagpuan sa Visayas ang Lungsod ng Cebu.

__________13. Paano kayo makakarating sa Visayas?

__________14. Sumasakay kami ng eroplano.

__________15. Wow, gusto ko rin makapunta sa Cebu!

LIVEWORKSHEETS

___________16. Pakisabi po sa akin kung may nakita kayong pugad.

___________17. Ipasok mo muna ang sisiw sa loob ng bahay.

___________18. Umaambon na po ba?

___________19. Ay, mababasa ang mga sampay ko!

___________20. Bilis, pumasok na tayo sa loob!

___________21. Pakitulungan ang matanda sa pagsakay.

___________22. May bakanteng upuan pa ba?

___________23. Huwag kang sumabit sa dyip.

___________24. Walong piso ang pasahe.

___________25. Pakiabot po ang bayad ko.

**II. Punan ng titik P sa patlang kung ang kayarian ng pangungusap ay payak, T kung ito ay tambalan, at H kung ito ay hugnayan.**

__________26. Ang bagong tuta niya ay isang pitbull at pinangalanan niya itong Junior.

__________27. Magaling umarte ang mga aktor at aktres sa pelikulang napanood ko.

__________28. Gusto nilang magbisikleta subalit masama ang lagay ng panahon ngayon.

__________29. Ang tunay na kaibigan ay mapagkakatiwalaan sa panahon ng kagipitan.

__________30. Habang umaawit si Fiona, si Jenny ay tumutugtog ng piyano.

__________31. Iligpit na ninyo ang mga laruan sa sala bago dumating sina Tatay at Nanay.

__________32. Pag-aralan natin ang mga talambuhay ni Jose Rizal at Andres Bonifacio.

LIVEWORKSHEETS

__________33. Pagkatapos ng napakalakas na lindol, nakita nila na halos lahat ng mga gusali ay bumagsak.

__________34. Mananaliksik tayo sa silid-aklatan o makikipanayam tayo sa mga dalubhasa.

__________35. Magaling tumugtog ng piyano si Jenny at mahusay kumanta ang ate niya.

__________36. Ang mahirap na gawain ay gumagaan kapag tayo ay nagtutulungan.

__________37. Ang kalayaan ay matatamo ng mga mamamayan na nagkakaisa.

__________38. Pinatunayan ni Loren na karapat-dapat siya maging pinuno ng samahan.

__________39. May narinig siyang malakas na dagundong kaya siya ay biglang bumangon.

__________30. Ipaalam mo sa amin kung may balita sa telebisyon tungkol sa halalan.

__________41. Ang reyna ay lumabas sa mataas na balkonahe at kumaway sa mga tao.

__________42. Ang pangulo at ang kanyang mga tagapayo ay nagpupulong sa Malacanang.

__________43. Upang lalong maunawaan ninyo ang aralin, magbibigay ako ng ilang halimbawa.

__________44. Simula nang naging alkalde si Ginang Tomas, marami ang pagbabago sa lungsod.

__________45. Nakapasa siya sa gusto niyang kolehiyo pero walang pambayad ng matrikula ang kanyang mga magulang.

__________46. Mahusay umawit ng kantahang simbahan si Jenny at magaling kumanta ang kapatid niya.

**III. Magbigay ng limang (5) uri ng pangungusap na walang paksa. ( 2 puntos)**

47.

48.

LIVEWORKSHEETS

49.

50.

51.

**Ibigay ang dalawang (2) uri ng pamanahon. ( 2 puntos)**

52.

53.

LIVEWORKSHEETS